BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Pinapangalanan ng Lungsod ng Brampton ang mga field bilang parangal sa mga gold medalist na sina Ashley Lawrence at Kadeisha Buchanan

BRAMPTON, ON (Disyembre 21, 2021) – Sa araw na ito, si Mayor Patrick Brown, ang mga Konsehal, ang Brams United Girls Soccer Club, at ang Olympic Gold Medalists na sina Ashley Lawrence at Kadeisha Buchanan ay binuksan ang mga karatula para sa *Ashley Lawrence and Kadeisha Buchanan Fields* sa Creditview Sandalwood Park. Ang mga manlalaro ng soccer na sina Lawrence at Buchanan ay tumulong sa pamumuno sa Team Canada sa panalong gold medal nito sa Tokyo 2020 Olympics.

Sinimulan ni Lawrence ang lahat ng anim na paligsahan sa soccer ng Canada sa Tokyo 2020 Olympics, at naglaro nang full time sa apat sa mga ito. Naging captain si Lawrence sa under-17 teams ng Canada sa CONCACAF Championship at FIFA Women's World Cup noong 2012 matapos kinakatawan ang Canada sa 2010 FIFA U-17 World Cup nang siya ay 15 taong gulang pa lamang. Pinangalanan siyang 'under-17 Canadian Player of the Year' nang dalawang beses (2011-12). I-click dito para malaman ang mas marami pa.

Naglaro nang full time si Buchanan sa bawat isa sa anim na paligsahan sa soccer ng Canada sa Tokyo 2020 Olympics, na may kabuuang 600 minuto para pamunuan ang team habang nanalo ang Canada. Nanalo siya ng FIFA Women's World Cup Young Player Award noong 2015, na-nominate para sa FIFA Ballon D'Or, at pinangalanang 'Canadian female player of the year' para sa 2015. Patuloy rin siyang nagkamit ng mga parangal na 'Canadian player of the year' sa 2017 at 2020. I-click dito para malaman ang mas marami pa.

Dedicated ang Brampton Recreation sa pagsuporta sa kabataan sa isport. Nag-aalok ang Lungsod ng sari-saring developmental drop-in sa antas ng pagpasok at nag-register ng mga programa sa isport na inilaan sa paghikayat sa mga bata at mga youth na saliksikin at buuhin ng kanilang mga interes sa atletiks. Nakikipag-ugnay rin ang Lungsod sa Brampton Sport Alliance (BSA), na kumakatawan sa affiliated na mga pangkat sa isport ng mga youth sa Brampton. Nagbibigay ang BSA ng isang boses para sa mga pangkat sa isport ng youth at isang porum para ibahagi ng mga pangkat na ito ang mga solusyon sa karaniwang mga hamon na nahaharap ng mga organisasyon sa isport ng mga youth na batay sa volunteer. Alamin ang mas marami pa sa www.brampton.ca/recreation.

**Mga Quote**

"Sa ngalan ng Lungsod ng Brampton, ipinagmamalaki namin na ipangalan ang mga field na ito bilang parangal sa mga  Bramptonian at mga Olympic gold medalist na sina Ashley Lawrence at Kadeisha Buchanan. Sina Lawrence at Buchanan ay talented, masipag, pinagpipitagang mga atleta na nagpaningning sa ilaw ng ating magandang lungsody."

*- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

"Sina Ashley Lawrence at Kadeisha Buchanan ay mga role model para sa mga kabataan at mga bata pang babae sa isport sa ating komunidad at lampas pa. Ang mga babaeng ito ay nagpakita ng kagila-gilalas na commitment sa kanilang mga aksyon sa soccer, na gumabay sa kanila na maging mga atleta sa araw na ito, at naghatid ng gold sa Canada– at sa Brampton!"

*- Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

"Sa summer na ito, sina Ashley Lawrence at Kadeisha Buchanan ay naghatid ng dangal sa Canada at Brampton sa pamamagitan ng pagtulong na maipanalo ang gold medal ng Team Canada sa Tokyo 2020 Olympics. Hinihikayat ko ang lahat na bisitahin at maglaro sa Ashley Lawrence at Kadeisha Buchanan Fields sa Creditview Sandalwood Park bilang parangal at pagpupugay sa dalawang kamangha-manghang babaeng ito."

*- Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod, Wards 7 at 8; Vice-Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

"Sina Ashley Lawrence at Kadeisha Buchanan ay gumanap ng mahalagang mga papel hindi lamang sa Canada Women's National Soccer team o sa kanilang propesyonal na mga kareara. Bilang alumni ng Brams United Soccer Club at mga katutubo ng Lungsod ng Brampton, patuloy silang nagbibigay sa kanilang mga komunidad at nagpapasigla sa mga kabataan sa Brampton na sundin ang inyong mga pangarap. Ang pagkilala sa kanilang mga tagumpay sa pamamagitan ng pagpangalan sa 2 Brampton soccer fields ay isang pamumuhunan na patuloy na magpapasigla sa libo-libong kabataang mga babae at lalaki na sila rin ay pwedeng kumatawan sa Canada at magkamit din ng Olympic Gold medal!"

*- Melanie Bradley, General Manager, Brams United Girls Soccer Club*

"Ang pagkilalang ito ay tunay na isang karangalan. Ang soccer field na ipinangalan sa akin ay nagpapaisip sa akin sa henerasyon ng mga atleta, tumatawa, nagpupunyagi at nagsasaya. Kaya umaasa ako na sino man ang yumapak sa field, ang pangunahing pakay ay mag-enjoy sa sandali at magsaya. Nagsimula ang lahat sa Lungsod ng Brampton at hanggang kailanman ito ang aking tahanan nasaan man ako sa mundo. "

*- Kadeisha Buchanan, Olympic Gold Medalist, Team Canada*

"Gusto kong pasalamatan si Mayor Patrick Brown at ang Lungsod ng Brampton para sa karangalang ito. Ibinalik ako nito sa paglaki at paglalaro sa Brampton. Sa isang banda, sentimental ito at umaasa ako na patuloy na makagawa ng marka para sa Brampton at Canada. Ito ay para sa susunod na henerasyon."

*- Ashley Lawrence, Olympic Gold Medalist, Team Canada*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**
Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca